1981

KAUTUSAN BLG. 5

SAPAGKAT, mayroon nang nangyari sa nasasakupan ng bayang ito ang nakawan, pambabato ng bahay, pagtatapon ng apoy sa bubungan ng bahay at pag-iingay ng mga tao kung dis oras ng gabi hanggang alas 4:00 ng umaga;

SAPAGKAT, dahil dito marami ng mga tao ang nagririklamo tungkol sa mga pangyayaring naganap;

SAPAGKAT. dahil dito ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao ay ang Order Ma;

SEKSYON I. Mahigit na ipinagbabawal sa sino mang tao o mga tao bata matanda na matanda na magpagala-gala sa lansangan, parki, plaza , sa Pamilihan Pambayan at iba pa, pagsapit ng ika 10:00 ng gabi.

SEKSYON 2. Kung ang tao o mga tao ay mahigpit ang pangangailanga pag sapit ang ika 10 ng gabi katulad halimbawa ng pagtawag ng manggagamot, hilot at iba pang mahigpit ng pamgamgailangan na hindi maiwasan sila ay magadadala ng ilaw para sila makilala;

SEKSYON 3. Ang kampanan ay tutugtugin ng alin mang authoridad, PC- INP, Barangay Tanod at iba pa bilang budyat ng pag sapit ng ika 10 ng gabi;

SEKSYON 4. Ang sino mang taong maglabag ng kautusang ito ay magmumulta ng ₱ 50.00 hanggang ₱ 200.00 at mamimilanggo ng 10 hanggang 30 araw o' alin mang sa pasiya ng hukuman.

SEKSYON 5. Kautusan o mga kautusang salungat sa kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa.

SEKSYON 6. Ang kautusang ito ay magkakaroon ng bisa matapos ipinagtibay ng lahat;

IPINAGTIBAY NG LAHAT.

PINATUTUNAYAN KO, ang Kawastohan ng nabanggit ng kautusan sa itaas;

EDUARDO A. BURUANGA
Kalihim ng Bayan

El's 10/22/91

Scanned with CamScanner